PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 12-223

**KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PASASALAMAT SA LAHAT NG MGA PRIBADONG SEKTOR, SAMAHAN, ORGANISASYON, KUMPANYA AT SIBIKONG SAMAHAN NA PATULOY NA NAGKALOOB NG TULONG SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA PANAHON NG KALAMIDAD.**

************************************************************************************

Ipinanukala ni: *Kgg. Kon. Elmer S. Espeleta*
Kasamang Nagpanukala: *Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD*
*Kgg. Kon. Alexander B. Diaz*
*Kgg. Kon. Allen F. Ampaya*
*Kgg. Kon. Ringo A. Teves*
*Kgg. Kon. Dan Hubert A. Barlis*
*Kgg. Kon. Robert A. Abas*
*Kgg. Kon. Inhr. Neptali S. Santiago*
*Kgg. Kon. Joselito V. Arevelo*
*Kgg. Kon. Robert P. Baes*
*Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla*
*Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday*
*Kgg. Kon. Adorado P. San Pedro*

************************************************************************************

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kagipitan at kalamidad ang likas na ugaling bayanihan, pagmamahal sa kapwa at bansa ng mga mamamayan ay namamalas at naipapadama ng mga Filipino sa bawat isa;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Muntinlupa ay isa sa mga Lokal na Pamahalaan na napinsala ng malawakang pagbaha sa walong barangay na dulot ng patuloy na pag-ulan sanhi ng **"HABAGAT"** simula noong ***Agosto 5, 2012;***

**SAPAGKAT,** dahilan sa nasabing kalamidad libu-libong pamilya ang lumikas sa mga paaralan, covered courts, Sports Complex bilang pansamantalang tirahan at kaalinsabay nito ay kailangan nila ng tulong na serbisyo at relief goods mula sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at ibang Pambansang Ahensiya;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lokal at Pambansang Ahensiya ay may mandato na isulong ang kapakanan ng kanilang nasasakupan subalit dahil sa bilang at sa tagal ng panahon bago makabangon ang mga napinsala, kinakailangan ng ayuda o tulong mula sa mga pribadong sector;

**SAPAGKAT,** ang mga pribadong sektor, samahan, organisasyon, kumpanya at sibikong samahan ay naging kabalikat at kaagapay ng Pamahalaang Lungsod, naging mabisang instrumento sa pagpapaabot ng tulong sa mga nasalanta ng kalamidad;

**SAPAGKAT,** ang ipinamalas na pakikiisa ng mga nasabing pribadong sektor, organisasyon, pribadong kumpanya at sibikong samahan ay tunay na nagpapagaan sa kasalukuyang pinagdadaanang kalamidad ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang pakikipagtulungan ng mga pribadong sektor, samahan, organisasyon, pribadong kumpanya at sibikong samahan sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay lubos na ipinagpapasalamat upang makapagbigay at maipa-abot ang serbisyo para sa mga mamamayang nasalanta at naapektuhan ng nasabing kalamidad;

**SAPAGKAT,** walang katumbas na salita o gawa ang damdamin ng pasasalamat ng mga mamamayang Muntinlupeño sa mga naitulong ng mga pribadong sektor na sa tuwi-tuwina ay may pagkukusa at pakikiisa sa mga pangsibikong gawain;

**NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng ***6th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ang pagpapahayag ng taus-pusong pasasalamat sa lahat ng mga pribadong sektor, samahan, organisasyon, kumpanya at sibikong samahan na nagkaloob ng tulong sa Lungsod ng Muntinlupa sa panahon ng kalamidad.

**PINAGPASIYAHANG PANG MULI,** na mabigyan ng ***Certificate of Appreciation*** ang mga nasabing pribadong sektor, samahan, organisasyon, kumpanya at sibikong samahan na nakatala sa listahan ng ***City Social Welfare Department (CSWD)***.

**INAPRUBAHAN,** ng ***6th Sangguniang Panlungsodng Muntinlupa*** ngayong ***ika-3*** ng ***Setyembre 2012,*** sa kanilang ***89th Regular Sesyon.***

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. MGGL. RAUL R. CORRO**
*Miyembro*

**KON. Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

*Pahina 3*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 12-223*

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**
*Miyembro*

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. DAN HUBERT A. BARLIS**
*Miyembro*

**KON. RINGO A. TEVES**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. INHR. NEPTALI S. SANTIAGO**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. ROBERT P. BAES**
*Miyembro*

**KON. ELMER S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. RAFAEL T. SEVILLA**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ADORADO P. SAN PEDRO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Asosasyon ng mga Punonglungsod*

**LIBAN:**

**KON. BAL NIEFES**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. EULOGIO DS. DIOKO, II**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

*Pahina 4*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 12-223*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* SEP 24 2012

*Norie/6th SP*